

## KAGAWARAN NG MGA SERBISYONG PANGKAUNLARA

1215 O Street, MS 7-40  
Sacramento, CA 95814  
TTY: 711  
(833) 421-0061



Enero 28, 2022

SA: MGA EHEKUTIBONG DIREKTOR NG MGA SENTRONG PANREHIYON

PAKSA: ELEKTRONIKONG BERIPIKASYON SA PAGBISITA (EVV): EKSEMSIYON AT PAGPAPATIBAY NG LIVE-IN NA TAGAPAG-ALAGA

Alinsunod sa [HR34 - Ika-114 na Kongreso \(2015-2016\): Batas sa Pagpapagaling sa Ika-21 Siglo | Congress.gov | Aklatan ng Kongreso](#) (ang Cures Act), ang mga estado ay kinakailangang magpatupad ng EVV para sa mga serbisyo sa personal na pangangalaga at mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa bahay na nangangailangan ng pagbisita sa bahay ng isang tagapagbigay ng serbisyo. Nagsimula ngayong buwan, Enero 2022 ang implementasyon ng EVV para sa mga serbisyo sa personal na pangangalaga ng sentrong panrehiyon. Ang implementasyon ng EVV para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa tahanan ng mga sentrong panrehiyon ay inaasahang magsisimula sa Enero 2023. Tinatalakay ng liham na ito ang isang eksemisyon sa EVV at ang proseso para sa pagdodokumento ng eksemisyon na ito.

Hindi nalalapat ang EVV sa mga serbisyong ibinigay ng isang kawani na live-in. Ang isang binabayaranang live-in na kawani ay isang indibidwal na regular na nananatili sa bahay ng mamimili nang higit sa 24 oras bawat pagkakataon. Ang mga tagapagbigay ng mga serbisyong sakop ng EVV sa mga sentrong panrehiyon na nag-eempleyo ng mga kawaning may bayad na nakatira kasama nila ay kinakailangang panatilihin ang kalakip na patunay bilang talaan ng EVV eksemisyon na ito.

Hinihiling sa mga sentrong panrehiyon na ipadala ang kalakip na pormularyo ng pagpapatunay sa mga bendedor na tagapagbigay ng serbisyong napapailalim sa EVV.

Kinilala ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkaunlaran ang mga kodigo ng serbisyo at serbisyo para sa personal na pangangalaga ng sentrong panrehiyon na napapailalim sa EVV bilang:

- 465 Serbisyo ng Pahinga na Pinamumunuan ng Kalahok, Miyembro ng Pamilya
- 862 Mga Serbisyo sa Pahinga sa Bahay, Ahensya;
- 864 Manggagawa sa Bahay na Pahinga;
- 896 Mga Serbisyo sa Sinusuportahang Pamumuhay;
- 858 Maybahay;
- 860 Serbisyo ng Maybahay; at,
- 062 Personal na Tulong
- 320 Suporta sa Pamumuhay sa Komunidad\*
- 313 Maybahay\*
- 310 Pahinga\*

Kinilala ng Kagawaran ang mga serbisyong pangkalusugan sa tahanan ng sentrong panrehiyon na napapailalim sa EVV bilang:

- 460 Mga Serbisyo sa Pangangalaga na Pinamumunuan ng Kalahok
- 742 Lisensyadong Bokasyonal na Nars
- 744 Rehistradong Nars
- 361 Bihasang Pag-aalaga

**"Pagbuo ng Mga Pakikipagsosyo,**

Mga Direktor na Ehekutibo ng Sentrong Panrehiyon Enero 28, 2022  
Pahina dalawa

- At mga ahensyang nagbibigay ng:
  - 854 Kalusugan sa Bahay, Ahensya
  - 856 Katulong sa Kalusugan sa Bahay
  - 707 Patolohiya sa Pagsasalita
  - 773 Terapiyang Pang-Okupasyon
  - 772 Pisikal na Terapiya
  - 359 Katulong sa Kalusugan sa Bahay
  - 372 Pagsasalita, Pandinig at Wika
  - 375 Terapiyang Pang-Okupasyon
  - 376 Pisikal na Terapiya

\*Inaasahang mailalagay ang mga bagong natukoy na serbisyo sa personal na pangangalaga na napapailalim sa EVV pagsapit ng Enero 2023.

Kung mayroon kayong anumang mga katanungan tungkol sa sulat na ito, mangyaring makipag-ugnay sa [EVV@dds.ca.gov](mailto:EVV@dds.ca.gov).

Taos-puso,

*Nilagdaan ang Original ni:*

MARICRIS ACON  
Pangalawang Direktor ng mga Programang Pederal

cc: Mga Pangulo ng Lupon ng Sentrong Rehiyonal  
Mga Tagapangasiwa ng Sentrong Rehiyonal  
Mga Direktor ng Serbisyo para sa mga Mamimili  
ng Sentrong Panrehiyon Mga Direktor ng mga  
Serbisyong Pangkomunidad ng Sentrong  
Panrehiyon Samahan ng mga Ahensiya ng mga  
Sentrong Panrehiyon

**"Pagbuo ng Mga Pakikipagsosyo,**